

Paglikas at Pananatili sa Loob ng Bahay

Posibleng iatas ang isang paglikas kapag may matinding panganib. Sa ibang pagkakataon, mas ligtas na manatili sa loob (pananatili sa loob ng bahay). Karaniwang ipinapaalam ang mga atas na ito sa pamamagitan ng TV, radyo, website ng gobyerno, social media o wireless na pampublikong pag-alerto.

Paglikas

- Lumikas lang kapag iniatas ng mga opisyal na pang-emerhensiya, at kung ligtas na magagawa, dalhin ang mga alaga ninyong hayop.
- Dalhin ninyo ang inyong pang-emerhensiyang kit at pumunta sa inyong itinalagang lugar ng kitaan o reception center.

Pananatili sa Loob ng Bahay

- Isara at ikandado ang lahat ng bintana at pinto sa labas.
- I-off ang lahat ng bentilador, mga system ng pagpapainit at system ng air-conditioning para maiwasan ang pagdala ng hangin mula sa labas.

Pang-emerhensiyang Plano sa Sambahayan

- Bumuo ng pang-emerhensiyang plano at talakayin ang mga posibleng sitwasyong pang-emerhensiya nang mas maaga para mabawasan ang takot at pangamba.
- Taon-taong suriin ang inyong plano at sanaying puntahan ang inyong mga lugar ng kitaan.

Mga Lugar ng Kitaan

Tumukoy ng dalawang lugar ng kitaan sakaling kailanganin ninyong umalis ng inyong bahay o hindi kayo makakauwi agad-agad:

- Malapit sa bahay ninyo.
- Sa labas ng inyong kapitbahayan.

Para buuin ang inyong sariling Plano ng Aksyon sa Pang-emerhensiyang Kahandaan, bisitahin ang **ontario.ca/BePrepared**.

Mga Karagdagang Mapagkukunan

Matuto pa tungkol sa kung ano ang gagawin sa isang emerhensiya sa pamamagitan ng lokal na tanggapan ng munisipalidad ninyo.

Ang mga sumusunod na organisasyon ay may higit pang impormasyon sa pang-emerhensiyang kahandaan, babala sa lagay ng panahon, at iba pang pang-emerhensiyang impormasyon bago at pagkatapos ng mga emerhensiya, at habang nagaganap ang mga ito.

- Canadian Red Cross
- Environment and Climate Change Canada
- Hydro One
- Insurance Bureau of Canada
- Public Safety Canada

Manatiling Konektado

- Panatiliing maiikli at mabilis ang mga pagtawag at pag-text para maiwasan ang trapiko sa network.
- Tawagan ang 9-1-1 para sa mga malubhang emerhensiyang pampulisya, pangsunog, o medikal.
- Huwag sayangin ang baterya sa mga mobile na laro, app, at video. Gawing dim ang inyong screen o tipirin ang power para sa kritikal na pakikipag-ugnayan.
- I-forward ang inyong telepono sa bahay sa inyong mobile na telepono kung kayo ay sapilitang pinapalikas.
- Pang-emerhensiyang system ng pag-alerto ng Canada ang Alert Ready. Naghahatid ang Alert Ready ng mga alertong kritikal at posibleng makakapagligtas ng buhay sa mga Taga-Canada sa pamamagitan ng telebisyon, radyo at mga wireless na device na konektado at compatible sa LTE. Higit pang impormasyon sa **AlertReady.ca**.



ontario.ca/BePrepared

ISBN: 978-1-4868-7104-9

Nagsisimula sa Inyo ang Pang-emerhensiyang Kahandaan



Ontario 

ontario.ca/BePrepared

Pang-emerhensiyang Kit sa Sambahayan

Sa panahon ng emerhensiya, posibleng wala kayong kuryente o baka hilingin sa inyo ang lumikas. Naglalaman ang pang-emerhensiyang kita ng mga mahahalagang gamit na kailangan ninyo o ng inyong sambahayan para makaligtas kayo sa loob ng hindi bababa sa 72 oras. Maghanda ng kit sa bahay, trabaho at sa inyong kotse. Kailangan madaling buhatin at malilipat ang inyong kit tulad ng isang knapsack o suitcase. Tingnan ang mga laman nito dalawang beses kada taon upang matiyak ang pagiging sariwa ng pagkain at tubig, at isapanahon ang mga gamit kung kinakailangan.

Mga Kailangan sa Kit

- backpack/duffel bag/small suitcase (para paglagayan ng mga kagamitan para sa kit)
- mga pagkaing hindi mabilis mapanis at pambukas ng lata
- nakabote o naka-bag na tubig (4L kada tao kada araw)
- (mga) gamot
- toilet paper at iba pang personal na gamit
- personal protective equipment (PPE)
- charger ng cell phone, at power bank
- pera sa maliit na bill
- portable na source ng ilaw gaya ng flashlight, headlamp o glow stick
- radyo (pinapagana sa pamamagitan ng pihitan o baterya)
- mga karagdagang baterya
- kit ng paunang lunas
- mga kandila at posporo/lighter
- sanitizer sa kamay o mga mamasa-masang towelette
- mga mahahalagang dokumento (pagkakakilanlan)
- karagdagang susi ng kotse at bahay
- pito (para makakuha ng atensyon, kung kinakailangan)
- mga zip-lock na bag (para panatilihin tuyo ang mga bagay-bagay)
- mga bag na pagtatapunan at duct tape

I-customize ang inyong kit para matugunan ang mga katangi-tanging pangangailangan ng inyong sambahayan. Kung may kapansanan kayo o ang sinuman sa inyong sambahayan, tingnan ang Gabay sa Pang-emerhensiyang Kahandaan para sa Mga Taong may Kapansanan sa ontario.ca/BePrepared para sa mga karagdagang impormasyon sa kung ano ang isasama sa inyong pang-emerhensiyang kit at plano sa sambahayan.

Pang-emerhensiyang Kit para sa Alagang Hayop

Dalhin sa loob ng bahay ang inyong mga alagang hayop sa unang pagpapahiwatig pa lang ng emerhensiya. Kung kailangan ninyong lumikas, dalhin ang inyong mga alagang hayop kung ligtas na magagawa ito.

Magdala ng pang-emerhensiyang kit para sa alagang hayop at itabi ito kasama ng inyong kit sa sambahayan. Para sa higit pang detalye, bisitahin ang OntarioSPCA.ca/EP.

Magtalaga ng Pang-emerhensiyang Contact

Hilingin sa isang kaibigan o kamag-anak sa malayo na maging pang-emerhensiyang contact ninyo. Kailangan naninirahan ang inyong contact sa labas ng inyong tinitirahang kapitbahayan at kailangan alam ng lahat sa inyong sambahayan ang kanilang pangalan, address at numero ng telepono. Sa isang emerhensiya, panatilihin may alam ang pang-emerhensiyang contact ninyo sa kung saan kayo naroroon at ang inyong status ng kaligtasan.

Mga Peligro

Matutunan ang tungkol sa mga lokal na hazard sa lugar ninyo at ano ang gagawin para sa bawat peligro. Ang mga aksyong ito ay posibleng makapagligtas ng inyong buhay.



Baha

- Huwag maglakad, lumangoy, o magmaneho sa tubig-baha
- Lumayo sa mga tulay na nasa ibabaw ng tubig na mabilis ang daloy.
- Tukuyin kung paano pinakamaprotektahan ang sarili base sa uri ng pagbaha. Lumikas kung iniatas na gawin.
- Sundin ang harang ng trapiko at mga karatula ng pagsara ng mga kalsada



Winter Storm

- Iwasan ang lahat ng hindi mahahalagang pagbiyahe at ipagpaliban ang mga hindi esensyal na appointment.
- Manatiling nasa loob ng bahay at dalhin sa loob ang inyong mga alagang hayop.
- Magpadaloy ng tubig para maiwasan ang pagyeyelo sa mga tubo.
- Kung nasa labas ka, manamit nang naaangkop para sa lagay ng panahon at regular na tumingin kung may frostbite.



Buhawi

- Pumunta sa basement, o sa isang maliit na kuwarto sa loob ng pinakamababang palapag tulad ng aparador o banyo.
- Pumunta sa ilalim ng matibay na mesa at gamitin ang mga braso ninyo para maprotektahan ang inyong ulo at leeg.
- Kung nasa labas kayo, pumunta sa pinakamalapit na matibay na gusali o matutuluyan, o humiga, nang tinatakan ang inyong ulo gamit ang inyong mga kamay para sa proteksyon.
- HUWAG pumunta sa ilalim ng overpass ng highway, kung saan pupuwedeng mas bumilis ang hangin dahil sa tunneling effect.

Pagkawala ng Kuryente

- Kung ang kuryente ng inyong kapitbahay ay nawala rin, abisuhan ang awtoridad ng supply ng kuryente ninyo.
- Kailanman huwag gumamit ng uling o ng mga gas barbecue, kagamitan sa pag-iinit sa camping o mga home generator sa loob ng bahay.
- Gumamit ng mga glow stick o flashlight para makakita.
- Panatilihin nakasara ang mga pinto ng freezer at fridge. Mapapanatili ng freezer na nagyeyelo ang mga pagkain sa loob ng 24-36 na oras kung mananatiling nakasara ang pinto.
- Lumayo sa mga nalaglag na poste ng kuryente.

